



## Ligtas na Pamamahala ng Gamot

Ang ligtas at tumpak na pamamahala ng gamot ay isang mahalagang bahagi ng pangangalaga at pangangasiwa. Ang minadali o maluwa na mga kasanayan sa pagbibigay ng gamot ay maaaring humantong sa mga pagkakamali sa gamot na maaaring magresulta sa malubhang pinsala o pangangailangan ng medikal na interbensyon.

### Pitong "Tama" sa Ligtas na Pangangasiwa ng Gamot

Kasama sa ligtas na pangangasiwa ng gamot ang pagbibigay ng (1) tamang gamot sa (2) tamang indibidwal sa (3) tamang oras sa (4) tamang dami (dosis) gamit ang (5) tamang ruta (isang tableta o iniksyon o IV). Para sa ilang gamot, maaaring kasama sa ligtas na pangangasiwa ng gamot ang pagsusuri *muna* ng kondisyon ng kalusugan, tulad ng antas ng glucose o presyon ng dugo ng indibidwal [ang (6) tamang dahilan]. Sa ilang mga sitwasyon, nangangahulugan din ito ng pagsasagawa ng (7) tamang komunikasyon o dokumentasyon na ang isang gamot ay ibinigay (o hindi) upang manatiling may alam ang ibang tao. Kabilang dito ang pagtiyak na ang mga reseta ay nire-renew at nire-refill sa oras.

Pinagmulan: [DDS](#)

### Mga Kasalukuyang Estadistika ng DDS

- Ang mga pagkakamali sa gamot ay ang **pangalawang pinakamadalas** na espesyal na insidenteng iniulat sa DDS.
  - **75%** ng mga naiulat na pagkakamali sa gamot ay may kasamang nakaligtaang dosis.
  - Ang mga kawani sa pangangalaga ay may pananagutan para sa higit sa **60%** ng mga naiulat na mga pagkakamali sa gamot.
    - **1 sa 8** pagkakamali sa gamot ay nangailangan ng mas pinaigting na pagsubaybay o interbensyong medikal.
- Mayroong **3,079** na naiulat na mga pagkakamali sa gamot noong 2021 na kinasasangkutan ng **2,370** indibidwal.



Pinagmulan: *DDS FY 2019/20 Medication Error SIRs Qualitative Study*

### Mga Indibidwal na Nasa Mas Mataas na Panganib ng Pagkakamali sa Pangangasiwa ng Gamot

- Niresetahan ng maraming gamot.
- May mga kumplikadong iskedyul sa pag-inom ng gamot.
- May maraming kondisyon na nangangailangan ng gamot.
- Mga gamot na pareho ang hitsura o tunog.
- Mga gamot na maaaring magkaroon ng reaksyon sa ilang partikular na pagkain, inumin, o iba pang gamot.
- Maraming tagapag-alaga na nagbibigay ng gamot.
- Kamakailang pagbabago sa tirahan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, o kawani sa pangangalaga.



Pinagmulan: *DDS FY 2019/20 Medication Error SIRs Qualitative Study, [Mayo Clinic](#)*



Ang Bulletin sa Kagalingan at Kaligtasan ay ginawa ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad upang alertuhan ang mga direktang tagapagkaloob ng serbisyo, mga regional center, at iba pa sa mga partikular na peligro na natukoy sa ating komunidad.

Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Survey sa Bulletin](#)

## Mga Pinakamahasay na Kasanayan

### Bago Ibigay



- Sa simula ng bawat shift, suriin ang listahan ng mga gamot na inireseta para sa isang indibidwal upang makita kung ano ang dapat ibigay. Sa ilang pasilidad, nakalista ito sa medication administration record (MAR) ng indibidwal.
  - Tandaan, nagbabago ang mga order ng gamot. Huwag umasa sa memorya kung ano ang dapat na ibigay na gamot.
- Ibigay ang mga gamot sa isang tahimik na lugar na may kakaunting abala hangga't maaari.
- Kung naglalabas ng mga gamot mula sa mga bubble pack, siguraduhin na ang lahat ng mga tableta sa bubble pack ay naibigay at ang bubble pack ay walang laman bago ito itapon.

### Habang Ibinibigay



- Bago bigyan ang isang indibidwal ng kanyang gamot, tingnang mabuti ang pakete ng gamot para masigurado na ang gamot na ibinibigay mo ay ang tamang gamot sa tamang dosis at dapat itong ibigay sa oras na iyon. Tandaan ang 7 "tama"!
- Kung hindi ka pamilyar sa mga indibidwal na binibigyan mo ng gamot, gumamit ng dalawang pantukoy para masigurado na ibinibigay mo ang gamot sa tamang tao.
  - Hilingin sa indibidwal na sabihin sa iyo ang kanilang buong pangalan,
  - Hilingin sa ibang kawani na kumpirmahin ang indibidwal, o
  - Gumamit ng isang uri ng pagkakakilanlan na may kamakailang larawan ng indibidwal.
- Gumamit ng mga palatandaan sa pangalan upang maiwasan ang pagkakalito sa mga indibidwal na may pareho o magkatulad na tunog na mga pangalan.

### Pagkatapos Maibigay



- Kung nakahulog ka ng isang gamot sa sahig, itapon ito ng tama at maglabas ng bago.
  - Sundin ang mga pamamaraan ng inyong ahensya para sa pagdodokumento ng nasayang na gamot, kabilang ang kung paano maililista ang kapalit na gamot na ibinigay.
- Kapag palipat-lipat ang mga indibidwal sa pagitan ng mga lugar ng serbisyo o sa magkakaibang tagapag-alaga, kumpirmahin sa ibang kawani sa pangangalaga kung anong mga gamot ang ibinigay nila at kung alin ang dapat mong ibigay.
  - Sabihin sa paparating na kawani ang tungkol sa anumang mga gamot na iyong ibinigay at hindi ibinigay.
- Magsagawa ng pagsusuri araw-araw ng medical administration record ng isang indibidwal upang matiyak na ang lahat ng gamot ay naibigay nang maayos sa bawat araw.

### Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang



- Iwasan ang mga workaround o paglihis sa mga pamamaraan ng pangangasiwa/pagbibigay ng gamot.
- Sa regular na mga pagitan (tulad ng ika-1 araw ng buwan), suriin kung paubos na ang supply ng gamot ng isang indibidwal at maagap na umorder ng mga pamuno ulit.
- Isaalang-alang ang paggamit ng maaaring gamiting teknolohiya upang tumulong sa pangangasiwa ng mga gamot. Maaaring kabilang dito ang mga paalala sa mga mobile device, mga mobile application para sa napapanahong pangangasiwa o muling pag-order, pag-scan ng bar-code, o mga computerized na kautusan ng doktor.

Pinagmulan: [DDS, Ahensya para sa Pananaliksik at Kalidad ng Pangangalagang Pangkalusugan](#)



Ang Bulletin sa Kagalingan at Kaligtasan ay ginawa ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad upang alertuhan ang mga direktang tagapagkaloob ng serbisyo, mga regional center, at iba pa sa mga partikular na peligro na natukoy sa ating komunidad.

Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Survey sa Bulletin](#)

## Ano ang Gagawin Mo Kung Nagkamali Ka?

- Unahin muna ang kaligtasan ng indibidwal.
  - Ipaalam agad sa doktor at/o parmasya ang tungkol sa pagkakamali at magtanong tungkol sa anumang agarang pagwawasto na pagkilos ang kinakailangan upang maiwasan ang pinsala.
  - Kung mayroon man, sundin ang mga tagubilin ng doktor tungkol sa pagwawasto na pagkilos upang matugunan ang anumang posibleng epekto mula sa pagkakamali sa gamot.
- Subaybayan ang indibidwal sa loob ng ilang oras kasunod ng pagkakamali sa gamot para sa anumang mga palatandaan ng paghihirap.
  - Tawagan ang doktor o 911 kung ang indibidwal ay masama ang pakiramdam.
- Sundin ang protokol ng inyong ahensya kung ano ang gagawin kapag may pagkakamali sa gamot. Maaaring kabilang dito ang kung paano magdokumento ng pagkakamali at kung sino ang kailangan mong kontakin (RN, pamilya).
- Iulat ang pagkakamali sa gamot bilang isang espesyal na insidente sa regional center.
  - Kung nagbigay ka ng gamot sa maling indibidwal, maaaring kailanganin mo ring gumawa ng ulat tungkol sa napalampas na dosis para sa indibidwal na dapat nakatanggap ng gamot.
  - Kung ang isang gamot ay naibigay nang hindi tama sa loob ng ilang araw, kumpletuhin ang isang SIR para sa bawat beses na ibinigay ang maling gamot.

*Pinagmulan: DDS Clinical Services*

### Kapag ang Isang Indibidwal ay Nagpaplanong Umalis ng Bahay

- Ihanda ang mga gamot na kakailanganin nila.
- Kung nasa isang outing, dalhin ang gamot at tandaang idokumento na ito ay naibigay na kapag nakauwi ka na.
- Kung ang indibidwal ay nasa home visit, kausapin ang indibidwal at ang kanilang pamilya tungkol sa kung anong mga gamot ang ibibigay at kung kailan.
  - Tulungan ang indibidwal at pamilya na bumuo ng isang plano para sa kung paano isaayos ang pagbibigay/pag-inom ng gamot at magtakda ng mga paalala para sa pag-inom nito sa oras.



### Pagtitiyak ng Kalidad

- Gumawa ng proseso ng pagtiyak ng kalidad upang makatulong na matukoy ang mga pagkakamali sa gamot at lumikha ng mga estratehiya sa pagpapagaan upang mabawasan o maiwasan ang mga pagkakamali.

### Kahalagahan ng Napapanahong Mga Pag-refill ng mga Niresetang Gamot

- Isang kadalasang problema ng lahat ng uri ng residente ang kakulangan ng napapanahong pag-order ng mga gamot.
- Kasama sa mga pagkaantala sa napapanahong pag-order ang pag-abot sa limitasyon sa pag-refill ng mga order ng gamot, pagkaantala sa pagkuha ng mga reseta mula sa parmasya, at pangangailangan ng lab work bago ma-refill ang isang order.



### Mga Karagdagang Sanggunian

- [Programa sa Kaligtasan ng Gamot | CDC](#)
- [Pamamahala ng Gamot | HSAG](#)
- [Pamamahala ng Gamot | DDS](#)
- [Pitong Tama sa Pagtulong sa Sariling Pangangasiwa ng Gamot | DDS](#)



Ang Bulletin sa Kagalingan at Kaligtasan ay ginawa ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad upang alertuhan ang mga direktang tagapagkaloob ng serbisyo, mga regional center, at iba pa sa mga partikular na peligro na natukoy sa ating komunidad.

Mangyaring magbigay ng feedback tungkol sa bulletin na ito at kung ano ang magagawa namin nang mas mabuti sa pamamagitan ng survey na ito: [Survey sa Bulletin](#)